# Biyayang Pagsunod

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Agosto 20, 2022

Ang pagsunod ay nagmumula sa pagmamahal. Kung walang pag-ibig, hindi ito posible dahil umuusbong at lumalago lamang ito kung maganda ang namamagitang relasyon sa bawat isa. Halimbawa, noong ipinahayag ng Diyos sa mga Israelita na Siya ang kanilang Diyos at sila ay Kanya, nabuo ang tipan. Bukod dito, ang kapangyarihan at pagsunod ay hindi maaaring paghiwalayin. Bilang taga sunod ni Kristo, ang ating pagsunod ay nagpapatunay ng ating pagiging kaisa sa grasya ng Diyos. Ang pagsunod sa Kanyang mga utos ay nagpapakita ng ating pagmamahal at pagkilala sa Kanyang kapangyarihan."Kung iniibig ninyo Ako, tutuparin ninyo ang Aking mga utos"(Juan 14:15).

**Ang kapangyarihan at pakikiramay ay mga tatak ng tunay na pagsunod.**

**1. Ang tunay na kapangyarihan ay naka-ugat sa pag-ibig.**

1.1. Si Hesus ay puno ng dakilang kapangyarihan, ngunit ang buhay Niya ay tunay na halimbawa ng pagsunod sa Ama.
1.2. Ang kapangyarihan ni Hesus ay nagmumula sa pagsunod Niya sa Ama.
1.3. Ang kapangyarihan ni Hesus ay naka-ugat sa pag-ibig at naka-ugnay sa kalooban ng Ama.
1.4. Ang taong may dakilang kapangyarihan ngunit hindi marunong sumunod ay nanganganib ang kanyang espiritwal na buhay.
1.5. Ang masunuring tao na walang kapangyarihan kahit kanino ay nanganganib din ang kanyang espiritwal na pamumuhay.
1.6. Ang kapangyarihan ay hindi nakabatay sa takot na maparusahan.
1.7. Ang kapangyarihan ay hindi nakabatay sa galit kundi sa habag.
1.8. Ang mahabaging tao ay nagtataglay ng tunay na kapangyarihan.

**Ano nga ba ang pagsunod?**

**1. Ang ating pagsunod sa Diyos ay daan para sa ating kaligtasan. Sino nga ba ang totoong sumusunod? Sila ang mga taong -**

1.1. handang makinig sa pangangailangan ng iba.
1.2. masusing nakikinig sa mga hirap/sakit, galit at kalungkutan ng isang taong dumadaan sa paghihirap.
1.3. hindi nagbibigay ng sama ng loob kaninuman at marunong makinig.
1.4. tahimik na nagmamasid at nakikinig sa mga pangangailangan ng iba kahit hindi sinasabi.
1.5. nakararamdam ng tamis ng kanilang puso, kahit mahirap sumunod sa utos ng Ama.

**2. Ang tamang halimbawa ay ang pinuno ng komunidad**. Si Soar( Sis) Techie ay isang mabuting halimbawa ng taong masunurin, dahil sinusunod niya ang lahat ng iniuutos ng Diyos para sa komunidad. At sa huli, nakikinig tayo sa kanya, dahil alam natin na ang kanyang mga sinasabi (mga turo) at ang kanyang kapangyarihan ay nagmumula sa Diyos.

Dagdag pa nito, tumalima nawa tayo kay Hesus at magdasal na turuan Niya tayong sumunod sa Kanya nang buong puso para managana sa pag-ibig ng Diyos ang ating komunidad.

**Konklusyon:**

Ang batas ng Kristiyano ay ang ganap na pagsunod sa mga utos at kapangyarihan ng Diyos na naka-ugat sa pagmamahal. Nabuhay tayo sa pag-ibig. Bukod sa pag-ibig, isa sa pinakamahalaga sa pagsunod ay pakikinig at pag-unawa sa Kanyang mga salita. " Ang umiibig sa akin ay tutupad sa aking salita; iibigin siya ng aking ama, at kami'y sasakanya at mananahan sa Kanya" (Juan 14:23). Minsan, parehong mahalaga na maunawaan ang mga palatandaan na ibinibigay Niya. Sa huli ang ating pagsunod sa Ama ay nagbubunga ng pag-ibig, kalayaan at kasiyahan.

**Pagninilay:**

1. Nararamdaman mo ba na kaisa ka ni Hesus?
2. Namumuhay ka ba sa pagsunod nang may kapangyarihan?
3. Kumusta ang relasyon mo sa iyong pamilya at mga kaibigan? Magulo ba ito dahil nakakaligtaan mong makinig sa kanila nang mabuti?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagsunod #Pagmamahal